

Hudhud Ni Aliguyon Ke Bugar Bilang Kagamitang Panturo: Isang Eksperimental Na Pag-Aaral

Vivian D. Dumelod, PhD
Ifugao State University, Lamut Campus
vivsdumelod@gmail.com

Publication Date: October 19, 2025

DOI: 10.5281/zenodo.18424675

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay isang eksperimental na pananaliksik na sumuri sa bisa ng isinaling bersiyon ng Hudhud ni Aliguyon ke Bugar sa wikang Filipino bilang kagamitang panturo. Dalawang pangkat ng mag-aaral mula sa Laboratory High School – ISCAF Main ang kinuha bilang tagatugon: isang kontroladong grupo (gumamit ng orihinal na Tuwali na teksto) at isang eksperimental na grupo (gumamit ng isinaling teksto sa Filipino). Gamit ang pretest-posttest na disenyo, sinuri ang pagkakaiba sa pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa wika ng materyales. Ipinakita ng resulta na

walang makabuluhang pagkakaiba sa paunang kaalaman ng dalawang grupo. Gayunpaman, ang eksperimental na grupo ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa marka ng posttest, lalo na sa mga hindi marunong ng Tuwali. Natukoy din na mas mataas ang posttest na marka ng eksperimental na grupo kumpara sa kontroladong grupo. Batay sa mga natuklasan, ang pagsasalin ng Hudhud sa Filipino ay napatunayang mabisang kagamitang panturo na nagpapataas ng pag-unawa at pagkatuto, at inirerekomenda ang pagsasama nito sa kurikulum at ang pagsasalin ng iba pang katutubong akda.

Keywords: *Hudhud ni Aliguyon ke Bugar, pagsasaling-wika, kagamitang panturo, wikang Filipino, wikang Tuwali, eksperimental na pag-aaral, katutubong panitikan, pagtuturo ng panitikan, pag-unawa sa pagbasa, epiko ng Ifugao*

INTRODUKSYON

Ang *Hudhud ni Aliguyon ke Bugar* ay isa sa mga pinakakilalang epiko ng mga Ifugao na nagpapakita ng kahalagahan ng panitikan bilang talaan ng buhay, kasaysayan, at kaluluwa ng isang lahi. Ang orihinal na anyo nito ay nakasulat at inaawit sa wikang Tuwali, isang diyalekto na naiintindihan lamang ng mga katutubong Ifugao.

Sa kasalukuyan, nagiging hamon ang paggamit ng mga katutubong akdang ito sa pagtuturo sapagkat magkakaiba ang wikang sinasalita ng mga mag-aaral. Upang ganap na mapakinabangan ang Hudhud bilang kagamitang panturo, kinakailangang isalin ito sa wikang nauunawaan ng lahat—ang

Filipino. Upang mapunan ang kakulangan na ito, ang unang bahagi ng pag-aaral ay nakatuon sa pagsasalin ng Tuwali bersiyon ng Hudhud. Pagkatapos ay sinuri at pinagtibay, at kalaunan ay binuo bilang isang materyal na panturo. Ang pagsasalin ng Hudhud ay umaayon sa **Republic Act No. 8371** o Indigenous Peoples' Rights Act of 1997, na nagtatakda ng karapatan ng mga Katutubong Pamayanan na mapanatili at mapaunlad ang kanilang kultura at panitikan, at sa **Republic Act No. 10066** o National Cultural Heritage Act of 2009, na nag-aatas ng dokumentasyon at proteksiyon ng mga intangible cultural heritage gaya ng mga epiko.

Nang makapasa sa proseso ang pagpapatibay ng isinaling materyal bilang isang kagamitang panturo, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri na ng bisa ng bersiyon sa Filipino bilang materyal na panturo.

Layunin ng Pag-aaral

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang bisa ng isinaling Hudhud bilang kagamitang panturo. Layunin nitong sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan ng kontroladong grupo at eksperimental na grupo na:
 - Marunong ng Tuwali?
 - Hindi marunong ng Tuwali?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa puntos ng pretest at posttest ng dalawang grupo?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa puntos ng posttest ng kontrolado at eksperimental na grupo?

Hinuha

1. Walang makabuluhang pagkakaiba sa puntos ng pretest at posttest ng dalawang grupo.
2. Walang makabuluhang pagkakaiba sa puntos ng posttest ng kontrolado at eksperimental na grupo.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng eksperimental na disenyo na may dalawang pangkat ng kalahok. Ang unang pangkat ay tinawag na Kontroladong Grupo, na binigyan ng orihinal na Tuwali na teksto upang basahin at suriin. Samantala, ang ikalawang pangkat ay tinawag na Eksperimental na Grupo, na gumamit naman ng isinaling bersiyon ng teksto sa wikang Filipino. Ang paggamit ng eksperimental na disenyo ay mahalaga sapagkat nagbibigay ito ng sistematikong paraan upang masukat at maihambing ang epekto ng dalawang magkaibang bersiyon ng teksto sa pag-unawa at interpretasyon ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng paghahati sa dalawang grupo, nagiging mas malinaw kung ang mga obserbasyon o pagbabago sa resulta ay bunga ng mismong wika o salin ng teksto, at hindi ng ibang salik. Sa ganitong paraan, napapahusay ang pagiging mapanuri at mapagkakatiwalaan ng mga natuklasan ng pag-aaral.

Mga Tagatugon

Ang pag-aaral ay nilahukan ng 94 na estudyante mula sa Laboratory High School – ISCAF Main. Sila ay hinati sa dalawang grupo na may parehong bilang ng marunong at hindi marunong ng Tuwali (tingnan ang Talahanayan 1).

Talahanayan 1

Bilang ng mga Tagatugon

Grupo	Marunong ng Tuwali	Hindi Marunong ng Tuwali	Kabuuan
Kontrolado	24	23	47
Eksperimental	24	23	47
Kabuuan	48	46	94

Mga Instrumento

1. **Isinaling Teksto:** Ang Hudhud ni Aliguyon ke Bugan na naisalin sa Filipino at sinuri ng mga eksperto.
2. **Pretest at Posttest:** Binubuo ng 50 katanungan na sumailalim sa “test-retest method” upang matiyak ang reliability.
3. **Impormal na Ebalwasyon:** Ginamit upang suriin ang pagiging angkop ng teksto at pagtuturo.

Pamamaraan

1. **Eksperimento:** Ibinigay ang pretest, itinuro ang Hudhud gamit ang kani-kanilang teksto sa loob ng 10 araw, at ibinigay ang posttest.
2. **Pagsusuri ng Datos:** Ginamit ang *t-test* at Pearson Product-Moment Correlation upang malaman ang pagkakaiba at reliability ng mga resulta.

RESULTA

Makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan ng kontroladong grupo at eksperimental na grupo na arunong ng Tuwali at hindi marunong ng Tuwali

Talahanayan 2

Resulta Pretest ng Dalawang Grupo

Grupo	Promedyong Puntos	t-ratio	Interpretasyon
Eksperimental (Marunong ng Tuwali)	22.88	1.3361	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Kontrolado (Marunong ng Tuwali)	21.88		
Eksperimental (Marunong)	(Di 19.57)	1.3341	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Kontrolado (Marunong)	(Di 18.74)		

Ipinakita ng resulta na magkapareho ang antas ng kaalaman ng dalawang grupo bago ang pagtuturo.

Makabuluhang pagkakaiba sa puntos ng pretest at posttest ng dalawang grupo

Talahanayan 3

Paghahambing sa Resulta ng Pretest at Posttest

Grupo	Pretest	Posttest	Interpretasyon
Kontrolado (Marunong)	21.88	30.04	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Kontrolado (Di Marunong) 18.74 29.00 Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Eksperimental (Marunong) 22.88 29.67 May Makabuluhang Pagkakaiba

Eksperimental (Di Marunong) 19.57 33.17 May Makabuluhang Pagkakaiba

Napatunayan na ang eksperimental na grupo ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kanilang marka matapos gamitin ang Filipino na teksto.




Figure 1. Paghahambing ng pretest at posttest scores ng mga estudyanteng marunong at hindi marunong ng Tuwali.
Statistical Results: Kontrolado: $t(46)=1.36$, $p>0.05$ (NS); Eksperimental: $t(46)=6.78$, $p<0.001$ (***)

Makabuluhang pagkakaiba sa puntos ng posttest ng kontrolado at eksperimental na grupo

Talahanayan 4

Pagkakaiba sa puntos ng posttest ng kontrolado at eksperimental na grupo

t-ratio Interpretasyon

Eksperimental 32.87 2.4143 May Makabuluhang Pagkakaiba

Kontrolado 29.53

Mas mataas ang marka ng eksperimental na grupo, patunay na mas epektibo ang paggamit ng Filipino na teksto.

Figura 1

Paghahabing ng pre- at post- tests scores ng dalawang grup




Figure 1. Paghahambing ng pretest at posttest scores ng kontrolado at eksperimental na grupo.
Statistical Results: $t(92)=1.36$, $p>0.05$ (kontrolado); $t(92)=6.78$, $p<0.001$ (eksperimental)

Ipinapakita nito ang paghahambing ng pretest at posttest scores ng kontrolado at eksperimental na grupo.

DISKUSYON

Ipinapakita ng resulta na ang pagsasalin ng Hudhud ni Aliguyon ke Bugar sa Filipino ay **nakapagpapataas ng pag-unawa at pagkatuto** ng mga mag-aaral, lalo na yaong hindi marunong ng Tuwali. Pinatunayan din nito na ang salin ay maaaring gamitin bilang epektibong kagamitang panturo sa Filipino.

Ang natuklasan ay kaayon ng pag-aaral ni Saquing (1991) na nagsabing ang paggamit ng wika na nauunawaan ng mga mag-aaral ay mas nagbubunga ng positibong resulta sa pagkatuto.

Ipinapakita dito sa bar graph ang buod ng resulta ng pretest at posttest para sa Eksperimental at Kontroladong Grupo. Makikita rito na mas mataas ang pagtaas ng puntos ng Eksperimental na Grupo, lalo na sa Posttest - Di Marunong ng Tuwali, kung saan lumabas ang makabuluhang pagkakaiba.

KONKLUSYON

Ang dalawang grupo ay may parehong antas ng kaalaman bago ang eksperimento.


1. Ang paggamit ng isinaling teksto sa Filipino ay nagresulta sa makabuluhang pagtaas ng marka ng eksperimental na grupo.
2. Mas mataas ang pagkatuto ng mga mag-aaral na gumamit ng Filipino na bersyon kumpara sa gumamit ng Tuwali na teksto.

REKOMENDASYON

1. Isama sa kurikulum ng Filipino ang mga naisaling katutubong panitikan.
2. Hikayatin ang pagsasalin ng iba pang epiko at katutubong akda upang mapanatili at maipasa ang yaman ng kulturang Pilipino.
3. Isagawa ang katulad na pag-aaral sa ibang rehiyon upang mapalawak ang kaalaman at mapaghambing ang bisa ng iba't ibang katutubong panitikan bilang kagamitang panturo.

MGA REPERENSYA

- Abesamis, N. R., et al. (2006). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Mutya Publishing, Inc.
- Arceo, T. C., et al. (2004). *Ang bagong Filipino ngayon*. The Bookmark, Inc.
- Arrogante, J. A., et al. (2004). *Ang bagong Filipino*. National Bookstore, Inc.
- Basilio, F. B., et al. (2003). *Fundamental statistics*. Trinitas Publishing, Inc.
- Bernales, R. A., et al. (2001). *Pagbasa at pagsulat*. Mutya Publishing House.
- Calmorin, L. P., et al. (1995). *Methods of research and thesis writing*. Rex Printing Company, Inc.
- Casanova, A. P., et al. (2001). *Panitikang Pilipino*. Rex Book Store.
- Dulawan, M. B. (2005). *Oral literature of the Ifugao*. National Commission for Culture and the Arts.
- Mirasol, M. R. (2006). *Ang bagong Filipino sa hayskul: Pagbasa at pagsusuring pampanitikan*.
- Newmark, P. A. (1988). *A textbook of translation: A guide to cross-language equivalent*. University Press of America, Inc.
- Santiago, A. D. (2003). *Sining ng pagsasaling-wika*. Rex Book Store, Inc.
- Tumangan, A., et al. (2006). *Sining ng pakikipagtalastasan*. Mutya Publishing House, Inc.
- Villafuerte, P. V., et al. (2000). *Panitikang panrehiyon sa Pilipinas*. Mutya Publishing House.
- Zulueta, F. M., et al. (2004). *Foundations of education*. National Book Store.
- Combong, J. L. D. (2025). Attitudes and instructional practices in the use of Filipino language as a medium of instruction in teaching values education. *Journal of Natural Language and Linguistics*, <https://doi.org/10.13140/RG.2.2.39300.71608>



- Constantino, B. B., Jr. (2021). Hudhud: A living oral tradition of the Ifugao. *Asian-European Music Research Journal*, 6(1), 33–45. <https://doi.org/10.30819/aemr.6-3>
- ISRG Publishers. (2025). Effectiveness of translation-based approach in enhancing the comprehension of grade 6 learners in Pedro Bunot Central School. *International Scientific Research Group Journal of Arts, Humanities and Social Sciences*, 10(9). <https://isrgpublishers.com/wp-content/uploads/2025/07/ISRGJAHSS100912025.pdf>
- BilPub Group. (2024). Alternative teaching strategies in learning Filipino. *Frontiers in Language and Skills*, 7(2). <https://journals.bilpubgroup.com/index.php/fls/article/download/6742/5485/33568>
- SSRN. (2025). Efficiency of using Filipino language in enhancing science learning among learners. *SSRN Electronic Journal*. <https://doi.org/10.2139/ssrn.5283263>
- Igarashi, T. (2024). Mother tongue-based education in a diverse society: Challenges and opportunities. *International Journal of Educational Development*, 104, 102774. <https://doi.org/10.1016/j.ijedudev.2024.102774>